


Bakit nangyayari ang “domestic violence”? Dahil bas a kulang ng respeto sa isat-isa, tulad ng pagpapahirap emosyonal ay “DV”! ? Kung naisip mong ikaw ay biktima ng “domestic violence”, maari pong kumunsulta sa FICEC.

Sa iyo na nahihirapan sa anumang uri ng pagpapahirap



(Domestic Violence)

ay krimen!

Kami ay umaasa na ang banyagang babae na merong masamang karanasan ng “DV” ay maging Masaya at mamuhay ng komportableng buhay.!

Ang FICEC ay merong “shelter” para sa banyaga na biktima ng “DV”. Sa tulong na ibat-ibang paraan, napansing merong parehong kadahilanan. Maraming “battered women” ay mula sa Southeast Asia, at ang asawa ay may kahirapan pinansyal. Kaya, maraming biktima ay merong utang.

Simula na ang “domestic violence law” ay isinagawa, ang biktima ng “DV” ay protektado ng batas. Ang resulta, maraming pag-asawahan ay umiigsi. Kami ay nag-aalala sa bagay na ito.

Ang karamihan ay namamamasukan sa “snack bar” o “pub”. Sa daragdagan, ang iba ay hindi marunong magbasa o magsulat ng Hiragana at Katakana. Sila ay merong “Spouse Visa” nang pagpunta dito sa Japan. Subalit hindi nakakita ng organisasyon at sistema upang mag-aral ng Hapones. Ang dahilan ay maaring kakulangan ng support para sa banyaga.

Dahil dito, sila ay walang mapagpilian kundi ang pumunta sa “welfare” sa dahilang mahirap para sa kanila ang maghanap ng mapapasukan. Kung dala parin ang sugat sa emosyon mula sa naranasan o meron sanggol o batang anak, na tumatanggap ng benepisyong ay resonableng dahilan. Subalit, ang iba ay tuluyan ng naka depende sa “welfare” at wala ding nais na magtrabaho. Kahit na ang aming nais ay tulungan sila, minsan nakakaramdam din kami ng pag-kagalit sa kanilang pag-uugali.

Pumasok ng boluntaryo sa “Japanese society” at mag-aral ng salita at kustumbre ng Hapones.

“When in Rome do as the Romans do.” Ayaw naming ng kasabihang ito, subalit ikaw ay nakatira sa Japan narapat lang na mag-aral magbasa at magsulat ng Japanese. Mag-aral ding ipaalam ang iyong sarili sa Hapones. Ang kakayanang ito ay kailangan sa pamumuhay dito sa Japan. Kami ay umaasa na kuning adbentahe ang lahat na opurtunidad sa pag-aaral at magkaroon ng kailangang kaalaman.

Kahit sa paglipat sa bagong tirahan, ang banyagang babae ay humaharap sa ibat-ibang problema. “Hindi ko mabasa ang sulat mula sa city office.” “Wala akong maasahan.” Sa mga ganitong dahilan sila ay kaawa-awa. Ang resulta, umaabot sa 40 porsyento na biktima ay bumabalik sa kanilang asawang mapanakit. Kung ang asawa ay solusyunan walang problema. Subalit, ang katotohanan maraming kababaihan at kanilang mga anak ang napipilitang tumakas muli sa dahilang mas matindi ang pananakit ng asawa kumpara sa dati. Ikaw ay ina. Kailangang gumawa ng paraan upang malagpasan ang problema.

Ganun din marami ang walang kaibigan ni kakilala man lang. Kung di ka matututo ng kahit anong pamilyar sa Japan kahit naninirahan dito sa mahabang panahon ito ay nakakalungkot. Nais naming ipaalam sa mga banyagang nandito sa Japan boluntaryo a pang araw-araw makihalubilo sa grupo ng Hapones.

Kailangang alisin ang “mind barriers” na meron ang Hapones. Kahit anong lahi tayong mag-imbata n gating kapitbahayan. Maging Positibo.

Tayo ng makisama sa lahat upang ang banyagang nakakaranas ng “DV” ay maging Masaya at mamuhay ng komportable.

www.ficec.jp/foreign/

● FICEC's office moved to new location. The new address is on the last page.

**Tayo na sa Fujimi-city
International Cultural
Exchange Forum**

- **Petsa/Oras :** November 14th (Sun.)
12:00 - 16:00
- **Lugar:** Fujimino Koryu Center
(10 minutong lakad mula sa Fujimino
station East exit)
- **Contents:** ★ **Experiencing and
exchanging corner**

★ **Tea time and attraction** ★ **Speech of foreign residents**

Ito ay taunang "international exchange event". Ito ay lugar upan; makakilala ng "foreign nationals" na naninirahan sa Fujimi-city o kapitbahayan ng Fujimi-city.



● **Yuka Kishigami's**

Kakaibang kaugalian ng Hapones para sa Banyaga.

◆ **Yaki-imo Inihaw na kamote**

Ang "Autumn" ay narito na. Salitang "autumn" ang mga Hapon ay sinasabing "autumn for appetite". Sa panahong ito, marami ang mapanuksong pagkain tulad ng Pacific saury o chestnuts, atibp.

Ang tema ngayon ay "Yaki-imo", na masarap kainin at kaaya-ayang amuyin.

Mula "autumn" hanggang "winter", madalas makikitang nakakaritong nagtitinda nito sa paligid. Subalit ngayon ito ay kumonti na.

Subalit kung mag-iihaw ng kamote sa iyong bakuran, o gumamit ng kawali at bato, maaring makaluto ng sariling inihaw na kamote para sa sarili. Inihaw na kamote ay may lasang matamis dahilang ang "starch" ay nagiging asukal. Matamis na kamote ay maraming bitamina at mineral. Ang bitamina C ay mahirap maalis kahit sa pagluluto.

Bakit ang Inihaw na kamote ay kilala sas buong Japan sa loob ng maraming taon? Masarap kainin, kaaya-ayang amuyin at malusog sa katawan. Sa winter subukan nating kumain ng inihaw na kamote. Ito makakatulong na painitin an gating katawan at espirito.

Tokyo Regional Immigration Bureau Saitama Branch ang opisina ay lilipat sa bagong lugar.

Saitama branch office ay lilipat sa No.2 Legal Affairs General Government Bldg. (Shimoochiai, Chuo-ku, Saitama-city) sa Ika-29 ng Nobyembre (Mon). Ang pinaka malapit na istasyon ay "Yono Hommachi" (JR Saikyo Line). Ang bagong opisina ay 10 minutong lakad. Ang kasalukuyang opisina ay magsasara sa Ika-26 ng Nobyembre (Fri).

Tel: 048-851-9671



Ang libreng tuloy-tuloy na pagsalin ng salita sa pamamagitan ng cell phone ay inumpisahan na sa city hall.

Ikaw ba ay nagdalawang isip sa pagpunta sa city office sa dahilang di ka sigurado sa iyong pagsalita ng Nihongo? O merong problema sa pakikipag-usap? Sa paglutas ng iyong problema, Fujimino International Cultural Exchange Center ay naglunsad ng tuloy-tuloy na pagsasaling wika sa pamamagitan ng "cell phone" sa pakikipagtulungan ng Saitama prefecture simula ng Setyembre. Ito ay libre.

Itong serbisyong tuloy-tuloy na pagsaling wika ay ilulunsad upang subukan hanggang Marso 2011.

Ngayon, ay 9 na lunsod at kabayanan sa Saitama Prefecture (Asaka-city, Kazo-city, Kawaguchi-city, Kawagoe-city, Hanno-city, Higashimatsuyama-city, Namegawa-town, Misato-city and Warabi-city.) ang nagkakaloob nitong libreng serbisyo.

Sa impormasyon, tumawag po sa FICEC.

Aplikasyon para sa publiko at pribado ng "nursery schools" simula sa Abril 2011 ay tatanggapin na.

Ito ay mahalagang impormasyon para ma magulang na naghihintay ng aplikasyon para sa publiko o pribadong nursery schools. Aplikasyon ay tinatanggap na. Maari po lamang na magtungo sa Kosodate Shien Ka (Child Care Support Section) ng city office tunkol sa proseso. Ang aplikasyon ay depende sa bawat bayan. Kailangang alamin ito kaagad.

Kung hindi maisumite ang aplikasyon sa nakatakdang panahon, maari po lamang na makipag-ugnayan ng mas maaga. Ang aplikasyon na maisumite sa Kosodate Shien Ka pagkatapos ng takdang panahon ay tatanggapin na nararapat para sa Mayo, 2011. Subalit, inirerekomenda na mag sumite ng mas maaga.

www.ficec.jp/living/

● A new office is a 20-minute walk from fujimino station. Please see the last page for details.